# ANG Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

Tanging Pabalita — Disyembre 23, 1971


## NALIPOL ANG ISANG BUONG PLATUN NG KAAWAY SA BIKOL

*

## WHOLE ENEMY PLATOON WIPED OUT IN BICOL

Isang platung binubuo ng tatlumpung sundalong PC sa ilalim ng Task Force Bulusan ang nalipol sa isang binalak na pananambang na isinagawa ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa Sitio Libod, Baryo Tinawagan, Tigaon, Camarines Sur noong Disyembre 18. Mahigit sa dalawampung sundalong PC ang napatay at ang iba ay malubhang nasugatan.

Naganap ang pananambang nang bandang 5:30 ng hapon at natapos kaagad sa loob ng sampung minuto. Nauna rito'y natanggap ng mga mandirigma ng hukbong bayan ang impormasyon tungkol sa pagpasok ng isang platun ng PC sa ilalim ng Task Force Bulusan. Batay sa impormasyong ito mula sa pangkat sa pagmamanman, dalawang yunit ng BHB na binubuo ng labinlimang mandirigma ang nagtipon at pumosisyon sa pagdaraanan ng kaaway na malapit sa isang taniman ng abaka.

Labinlimang minuto makaraan ang pananambang, nagsidating ang mga tropang panaklolo ng kaaway mula sa isang himpilan na tatlong kilometro ang layo sa pinangyarihan ng pananambang. Ang nadatnan lamang nila ay mga patay at sugatan sa kanilang panig.

Ang matagumpay na pananambang sa platun ng kaaway ay naisagawa sa mahigpit na pakikipagtulungan ng mga mamamayan ng lokalidad. Plek-

A platoon composed of thirty PC soldiers under Task Force Bulusan was wiped out in a planned ambush made by the fighters of the New People's Army at Sitio Libod, Bo. Tinawagan, Tigaon, Camarines Sur last December 18. More than twenty PC soldiers were killed and the others were seriously wounded.

The ambush occurred at 5:30 in the afternoon and was terminated immediately within ten minutes. Beforehand, information had been received by the NPA fighters about the coming of a platoon of the PC under Task Force Bulusan. On the basis of this information from a reconnaissance unit, two units of the NPA composed of fifteen fighters concentrated and positioned themselves along the enemy's way which was close to an abaca plantation.

Fifteen minutes after the ambush, reinforcement troops of the enemy arrived from their headquarters three kilometers away from the ambush scene. They came upon their own dead and wounded.

The successful ambush of the enemy platoon was performed with the close cooperation of the local people. The NPA fighters flexibly act-

(sa kabila)

sibleng kumilos ang mga mandirigma ng BHB, sistematikong gumamit ng sandata at bala, at sanay sa lugar na kinikilusan.

Sa pilit na pagbaluktot sa katotohanan, ipinalabas pa ng komander ng Task Force Bulusan na ang BHB ang nagtamo ng malaking pinsala. Subalit sinasabi ng maraming nakasaksi pagkatapos ng labanan na ang mga tropang panaklolo ay nahirapan pa nga sa paghahakot ng kanilang mga bangkay at sugatan. Samantala, tatlo lamang mandirigma ng hukbong bayan ang bahagyang nasugatan at ligtas na nailayo.

Ang paglipol na ito sa buong platun ng kaaway ay malinaw na katibayan ng paglakas ng sandatahang pakikibaka sa Kabikulan at ng ibayong pagtaas ng prestihiyo ng Bagong Hukbong Bayan na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas

ed, systematically used their arms and ammunition and put to advantage their familiarity with the terrain.

In an attempt to twist the truth, the Task Force Bulusan commander made it appear after the ambush that the people's army was the one which suffered a big casualty. But many witnesses testified that the reinforcement troops had difficulty carrying the corpses and the wounded. On the other hand, only three men of the NPA had been slightly wounded and safely carried away.

The annihilation of the whole enemy platoon is a clear proof of the rise of the armed struggle in the Bicol region and the increased prestige of the New People's Army under the leadership of the Communist Party of the Philippines.